SOCIAL SCIENCE DILIMAN (July-December 2012) **8:2** 28-40

# Hagkis ng Halakhak: Ang Nagpapatuloy na Kabuluhan ng Kritika ni Hernandez sa Pulitika sa *Magkabilang Mukha ng Isang Bagol*

***Rosario Torres-Yu***
University of the Philippines Diliman

## Abstrak

*Itinanong ng kritikong si Epifanio San Juan, Jr., sa okasyon ng paggunita sa sentenaryo ng pagsilang ni Amado V. Hernandez, kung bakit wala pang panunuring historikal, liban sa isinulat ni Agoncillo at Lumbera, sa mga kuwento, dula, at sanaysay ng Pambansang Alagad sa Panitikan. Isang tugon ang panunuring ito sa isang dula ni Hernandez. Susuriin ang kahalagahang panlipunan at pangkasaysayan ng dula niya: 1) sa lente mismo ng dalumat ni Hernandez sa relasyon ng panitikan at ng lipunan, 2) sa konteksto ng tagisang ideolohikal ng dula niya at ng panahong nasulat ang dula, at 3) sa pangkasalukuyang sipat sa mga ito bilang diskurso na may diin sa usapin ng kapangyarihan at "katotohanan." Malapitang susuriin, lalo na ang may kaugnayan sa pangatlong pagbasa, ang dulang* Magkabilang Mukha ng Isang Bagol (1961*), dahil sa palagay ng nagsusuri na sa dulang ito higit na makikita na nagpapatuloy ang kabuluhan ni Hernandez sa kasalukuyan, at dito lumulutang ang lakas at kapangyarihan ng kanyang kritika sa sistemang pampulitika.*

## Abstract

Writer and critic Epifanio San Juan Jr. observed, on the occasion of the centenary of the birth of Amado V. Hernandez, that except for the works of Agoncillo and Lumbera, no other historical analysis, particularly of the essays and plays, of the National Artist Hernandez has been written. This paper is an attempt to fill the gap. It evaluates the social and historical significance of one of his plays, *Magkabilang Mukha ng Isang Bagol* (1961), through the lens of Hernandez's view of the relations of literature and society and in the context of the ideological position of his play and the ideological struggle at the time the play was written. The play is treated, too, as discourse and centers on the discussion of power and "truth." It is this writer's position that it is in this play that Hernandez's continuing relevance to the present ideological debate rests. It is also in this play that the strength of his critique is clearly demonstrated.

Keywords: *Amado V. Hernandez, ideology, Filipino play, literature, society*

ISSN 1655-1524 Print / ISSN 2012-0796 Online

Mahilig tumawa ang Pinoy. Tinatawanan nila ang gutom, panganib at kamatayan. Ganito sila nangingibabaw at nakakatawid. Kaya nga nagtataka ang mga dayuhan kung bakit sa kabila ng kahirapan ay nakangiti pa rin silang pinakamahihirap sa lipunan kapag tinatanong kung masaya sila o hindi. Sa katunayan nga, pandalawampu't lima (25) ang Pilipinas sa pinakamaligayang bansa sa mundo sa taong 2012 ayon sa listahan ng Happy Planet Index batay sa 151 bansa (Nakuha noong ika-13 Agosto 2012 mula sa http://www.nowpublic.com/world/happiest-countries-world-2012).

Pinagtatawanan din ng mga Pinoy ang mga pinuno nila kapag nais na nilang iparamdam na nasusuklam na sila. Sa panitikan, dinadaan nila ito sa pamumusong. Si Nicanor G. Tiongson, iskolar, kritiko, at mandudula na nagsuri sa pamumusong sa dula sa Pilipinas, ang tumukoy sa mga pakay nito. Natuklasan niyang masaklaw ang sipat ng pusong na may "nang-uurirat na mata" at "pumipilantik na dila" na pumupuntirya sa kapangyarihan. Sa obserbasyon pa niya:

> Sa lahat ng mga dulang sinuri, masasabing ang laging sinisipat o inilalantad ng pusong ay ang mga puwersa/uri/ institusyon/bansa/ tao, na sa pananaw ng nasa ibaba ay nakasisira o nakasisikil sa matiwasay na pamumuhay o kapakanan ng mga mahirap-mahina-magaspang. Sa ating lipunan at kasaysayan, ang mga ito'y bahagi o katumbas ng herarkiyang sumasaklaw sa lahat ng aspekto ng buhay ng mga mamamayan— pang-ekonomiya, pampulitika, panlipunan. Bagaman malapad ang saklaw nito, iilan lamang piling tao o *elite* ang talagang nagsisilbing haligi ng istrukturang ito. (Tiongson, 2001, pp. 325-326)

Sa pananaw ng kritikang gumagamit ng pamumusong bilang dramaturhikal na pamamaraan sa dula maaaring sipatin ang dulang may isang yugto ni Amado V. Hernandez na *Magkabilang Mukha ng Isang Bagol* (1961, Unang Gantimpala, Carlos Palanca Memorial Awards for Literature).[1] Sina Kasoy at Balimbing na dalawang tauhang komiko ang nagsaanyong pusong sa pagsisiwalat ng mga anomalya sa sistemang pulitikal na matingkad na matingkad sa panahon ng eleksyon. Habang wala pa ang mga kandidatong sina Bantog at Pantog, lilibangin nila ang mga manonood sa kanilang paghuhuntahan at kantyawan samantalang hinihintay ang pagdating ng kandidato. Dito ipapahayag ng dalawang komiko ang matitinding banat sa kalakaran sa pulitika, gamit ang wika ng pusong na magaspang, walang habas, at walang pakundangan. Magkukunwang nagpapalitan ng opinyon, mag-uusap ang dalawa tungkol sa kani-kanilang partido, sa klase ng mga senador at diputado na kanila namang iniinsulto, sa pag-iral ng

"demokuwarta" o pasaring sa "demokrasya" ng *elite*, sa pagpapaloko ng mga elektor, at sa dayaan na nakaboboto ang kahit na sino, pati na ang mga patay. Pinakamalakas ang pagsaltik nila sa mga pulitikong kung tawagin ngayon ay mga "trapo." Bibilib si Balimbing sa talino (utak) ni Kasoy at papayuhan itong tumakbo ng pagka-senador o di kaya'y diputado na sasalansangin ni Kasoy ng katwirang hindi kailangan ang utak at sa katunayan, sa kanilang propesyong aktor-komedyante pa nga mas kailangan ito. Sa ganitong katwiran imamatwid ito ni Kasoy, mga pananalitang sumasaltik samantalang pinalulutang ang kabalintunan:

> Kung wala ka nito *(ituturo ng daliri ang kanyang sentido*) huwag ka nang mag-ambisyon sa teatro. Biro bang patawanin mo ang bayang malungkot, busugin mo sa ligaya ang mga nagugutom, bigyan mo ng pag-asa ang mga nawalan na ng paniwala sa katarungan ng tao? (*Hahabulin ang kanyang hininga.)* Sa isang dako'y ano ang napapala natin sa mga pulitikong iyan? (Hernandez, 1997, pp. 88-89)

Ang komiko rin ang mapanuring pumupuna sa sistema ng pulitika samantalang kinikilala na hindi ito sadyang ganito. Sinalaula lamang ito kung kaya ang pulitika sa tunay na kahulugan nitong "siyensya ng gobyerno at karunungan sa mamamahala sa bayang tanga" ay hindi nangyayari. Salamangkero ang tawag nila sa mga sumalaula sa pulitika. May sariling espesyalidad, wika nga ni Kasoy na "Napapaputi ang uwak at ang lawi'y napapaanyong kalapati. Ang tulisa'y nagagawang santo kung ibig at ang salanggapang ay nagiging bayani" (Hernandez, 1997, p. 89). Inihambing din sila, lalo na yung mga balimbingin sa partido, "sa bus na paroo't parito, walang hinto ang biyahe kung saan malakas ang kita," at "walang iniwan sa lukton,[2] kung saan malago ang mga halamang doon nakadapo" (Hernandez, 1997, p. 98). Sa madaling salita, mga oportunista at kabaligtaran sa tawag sa kanilang "Onorabol."

## Sabong ang Eleksyon

Matapos mailatag nina Kasoy at Balimbing ang mga usapin sa entablado ng pulitika ay itatanghal na sa dula ang tinawag nilang "main eben" o ang pagkampanya ng dalawang kandidato. Nagkakaroon ng malinaw na konteksto ang manonood sa loob at labas ng dula, sa paggamit ng *ring* ng boksing bilang entablado. Pero hindi katulad na katulad ng boksing na ang mga boksingero ang nagbubugbugan, dito, bubugbugin ang manonood na elektor ng kandidatong si Bantog na re-eleksyunista ng mga pangako: walang hirap, walang gutom, libre buwis, libre utang, tahimik na bansa, walang *graft and corruption* (sa katapusan ng ikalawang tagpo) at pakunsuwelong libreng tiket na katumbas ng tatlong

kilong bigas, limang kilong asukal, sandosenang de lata, at isang kaha ng sigarilyong *blue seal.* Samantala, bubugbugin naman ng kandidatong si Pantog ang kalaban sa kanyang "1001 sakdal" sa balagtasang magaganap sa pagitan nila ni Bantog sa ikatlong tagpo: *graft and corruption,* pagpapayaman ng mga kamag-anak, may sariling adwana, pagpasok ng mga kontrabando, pagtangkilik sa mga dayuhang sumusuhol, pagtutulot sa mga bisyo, nepotismo, labis sa karangyaan sa gugol ng bayan, rehiyunalista, at ander-di-saya. Sasagutin naman ng mahigpit na pagtanggi ni Pantog ang mga sakdal at ipapakli ang kontra-akusasyon niya na pagnanakaw ng kalabang kandidato habang nakapuwesto. Hindi matatapos ang 'balagtasan' dahil magkakagulo ang kani-kanilang *bodyguard* at mauuwi sa karahasan nang magkaputukan na hindi malaman kung sino ang nagpapaputok at sino ang pinuputukan. Walang iniwan din sa palabas, kung gayon, ang eleksyon. Lamang, sa pagkakataong ito, hindi malulubos ang aliw ng manonood dahil mauudlot ng karahasan, isang pagpapakita ng lagi nang nangyayari sa ganitong pulitikal na ehersisyo sa bansa.

## Pananaw ng Maláy na Taumbayan

Sa araw ng bilangan, mangyayari ang di inaasahang kababalaghan. Tabla si Pantog at Bantog. Milagro ang demokrasya, nasabi ng *Chairman.* Hindi papayag ang magkabilang panig at parehong magbabanta ng paghahabol at protesta. Mamamagitan si Juan dela Cruz, tatangkaing malutas ang problema sa pamamagitan ng isang simpleng solusyon batay sa isang simpleng katwiran mula sa punto de bista ng isang matalino at maláy na taumbayan. Sa pamamagitan ng tauhang si Juan, naipapahayag sa dula, lampas sa pakay ng pamumusong, ang kamalayan ng taumbayang may tiyak na pag-unawa sa dapat na umiral. Sa madaling sabi, may hayag na posisyong ideolohikal na isinusulong ang tauhang si Juan. Ayon sa kamalayang ipinapahayag niya, nasuri na wala namang ipinag-iba ang dalawang kandidato kung kaya sinuman sa kanila ang maupo ay mangyayari pa rin ang kinamihasnan, ang kalakaran, at ang dating sistema. Upang palakasin pa ang obserbasyong ito, at nang hindi makawala sa pag-intindi ng manonood, malikhaing ginamit ang mga pangalang Pantog at Bantog, na sa unang dinig lamang at kahit sa unang tingin lamang ay kagyat na makikita ang napakanipis na pagkakaiba sa unang tunog lamang Ban/Pan + tog na sa pagbubuo ng salita sa Tagalog ay maaaring humantong sa pag-iiba ng kahulugan. Tinutukoy ng Pantog ang organo ng katawan ng tao o hayop na nag-iipon ng ihi, samantalang tinutukoy ng salitang Bantog ang pagiging tanyag o sikat. Kahit sa paggamit ng mga pangalang ito ng dalawang kandidato ay mapapansin ang siste ni Hernandez. Nakakatawa ang pangalang Pantog na ikinakapit sa isang tao, lalo na't pulitiko, at ang Bantog naman, sa konteksto ng

dula, ay maaaring dugtungan ng Bantog *sa kátiwalian*. Mainam na sipiin ang kalakhang bahagi ng binitawang mga pananalita ni Juan, bago magsara ang tabing na nagpapahayag ng talas ng pag-iisip at maláy na pagsipat sa mga hangaring pansarili ng mga pulitiko:

> Mga katotong Pantog at Bantog, sinubaybayan ko ang inyong rekord at gawain bilang partido at kandidato…Ikinalulungkot kong sabihin na para kayong kambal na mandirigmang ang tanging hangari'y katungkulan, kapangyarihan, tagumpay. Nakalimot kayong kayo'y utusan ng bayan, at bayan ang inyong panginoon. (*Itataas ang boses.*) Kaya kayong dalawa ay walang pinag-ibhan sa magkabilang mukha ng isang bagol…Dahil diya'y ito rin ang gagamitin ko sa paglutas sa inyong usapin… Ihahagis ko nang pataas at kung lumagpak ng kara, ang panalo'y ikaw Bantog, at kung lumabas ng kurus, ikaw Pantog ang panalo…(Hernandez, 1997, p. 112)

At bago tuluyang ihagis ang bagol,[3] may huling pati si Juan na may bisang nag-iiwan ng isang palaisipan:

> (*Malumbay*) Isang kasawiang palad ko na sa 27 angaw na Pilipino sa bansang ito'y wala akong maaaring pagpilian kundi isang Bantog at isang Pantog lamang—dalawang pulitiko (*marahas*). Dapat kong malaman ngayon; kayo ba'y mga utusan ko, o ako'y bilanggo ninyo? (Hernandez, 1997, p. 113)

## Hagkis ng Halakhak ng Taumbayan

Sa dulang ito at maging sa karamihan ng mga obra in Hernandez,[4] masisipat na naisisingit sa mga peleges ng dula ang pagsaling sa mga paksang tinugaygayan ng manunulat tulad ng nasyunalismo, imperyalismo at demokrasya. Natalakay na sa sinusundang bahagi ang pagtutok sa usapin ng demokrasya kaugnay ng pulitikang elektoral sa akdang ito. Sa mahusay na paggamit ng pang-uuyam at panunudyo, naisasagawa ng dula ang paglalantad sa mapanlinlang na ideya na ang eleksyon ay institusyon ng demokrasya; na sa eleksyon napaiiral ng taumbayan ang kapangyarihan nito sa mga lipunan dahil sa pag-ulit-ulit ng mga pulitikong sila, o mga elektor ang tunay na "panginoon" ng mga lider-pulitiko; na nasa kamay ng taumbayan ang pagbabago sa pamamagitan ng eleksyon. Paano maniniwala rito, ayon sa katwiran sa dula, kung ang mga humaharap na lider ay magkabilang mukha lamang ng korapsyon, ng pakikiisa sa dayuhang interes, at ng pagtalikod sa makabayang simulain? Sa puntong ito,

lumalampas si Hernandez, o marahil ay higit na tamang sabihing pinupunan niya ang limitasyon ng pananaw ng pamumusong na sa dula ay isinasatinig ng mga tauhang Kasoy at Balimbing. Ibig sabihin, ang tinig ng tauhang si Juan na siyang pinanggagalingan ng seryoso at matalas na pag-alam na hindi naman totoong nangyayari ang ipinatatanggap ng mga metanaratibong ukol sa eleksyon at demokrasya na siya na ngang pinaniniwalaan ng karaniwang mamamayan, ang nagpapahayag ng makauring panunuri o ideolohikal na posisyon ng dula sa kabuuan, posisyong sa obserbasyon ni Tiongson (2001) ay wala sa kamalayan ng pusong kung pamumusong ang pag-uusapan, ngunit bagay naman na nagbibigay sa pusong ng kalayaang "tirahin" ang sinuman at anumang ideolohiya. Mainam na sipiin ang buong paliwanag niya rito:

> Ngunit di dapat isipin na ang pagtutol ng pusong sa herarkiya ay subersyong may batayang ideolohikal, kung ang ideolohiya'y yaong pananaw o sistemang konseptuwal na sadyang binuo ng isang organisadong grupo. Wala. Walang-wala. Sa ganang pusong, nararamdaman lamang niya ang mga puwersa o tao o institusyong sumisikil sa kanyang malayang pagkilos o sumisira sa magandang pakikipag-ugnayan ng magkakapamilya, magkakakamag-anak, magkakababayan. Nakikita niya ang bunga ng paniniil, pero marahil ay hindi niya lagi natutunton ang ugat nito, lalo na noong nakaraang dantaon…Kahit maintindihan man niya ang puwersa ng imperyalismo, hindi siya kumikilos nang naaayon sa isang organisadong ideolohiya. Para makapamusong, kailangang magkaroon ng laya ang pusong na tirahin ang anuman o sinumang ibig niya, kasama na ang alinmang ideolohiya, dominante man o hindi. (Tiongson, 2001, p. 331)

Kaugnay ng usapin ng ideolohiya, ipinapalagay sa papel na ito na higit na kinakatigan ni Hernandez ang Marxistang pagdalumat sa relasyon nito at ng usapin ng panlipunang pagbabago na kumikilala sa papel ng nangungunang partidong may abanteng posisyong ideolohikal,[5] samakatwid, ng tinuran ni Tiongson na "organisadong ideolohiya." Makikita ang katunayan nito sa mga lalong importanteng obra ni Hernandez paris ng *Bayang Malaya* at *Mga Ibong Mandaragit* na nagsasalaysay sa pakikibaka ng aping manggagawa't magsasaka mula sa pagkamalay ng kaapihan dahil sa pagdanas nito hanggang sa pagbubuo ng mga katipunan at kilusang panlipunan para ibagsak ang naghaharing uring dayuhan at Filipinong elite sa pamamagitan ng kumbinasyon ng repormista at rebolusyunaryong pagkilos. Kaya humantong siya sa pagtukoy sa tatlong magkakaugnay na adhikain ng Pilipinismo, Demokrasya't Hustisya Sosyal. Naniniwala rin si Hernandez sa tungkulin ng manunulat sa paghuhubog ng

ideolohiyang mahalaga sa pakikibaka na ipinapahayag sa pagtukoy niya sa tatlong "agimat" na dapat taglayin ng mga manunulat. Aniya:

> Una, kamulatang panlipunan o *social consciousness* na kakambal ang diwa ng nasyunalismo;
> Ikalawa, diwa ng pakikibaka at kaunlaran upang maging mabisang kawal ng panitikan;
> Ikatlo, dapat silang magbuklod sa isang malakas na katipunan upang makapanindigan, magkaroon ng boses sa pangangalaga sa kanilang kalayaan at karapatan, at nang hindi sa habang panahong hamak silang upahan ang trato ng mga magasing komersyal at ng mga *publisher* ay mabuti pa ang trato sa isang labandera. (Hernandez, 1997, p. 251)

Sa kabilang banda, pinupuwing din sa diwa ng pamumusong ang mga nasa "ibaba," ang pinakamarami sa 27 angaw na bumubuo sa mamamayan sa kanilang tiwaling mga ugali. Sa bibig nina Kasoy at Balimbing nanggagaling ang ilang pagpunang ito. Halimbawa, sa pag-usap nila kung sino ang mas loko, silang komiko na sinasandalan ng mga "marurunong" na pulitiko kapag panahon ng kampanya para humatak ng manonood o ang mga pulitiko, o ang publiko? Malinaw na pinipilantik din ang manghahalal sa pag-iral ng "demokuwarta" dahil madalas maloko ang bayan, bagaman pauyam na kinikilala na "natututo" na rin sa sistemang kaliwaan, katulad ng tinderang hindi boboto kung walang lagay.

Bukod sa paggamit in Hernandez ng mga komikong dinaraan sa pagpapatawa ang kritika sa klase ng pulitikang umiiral sa bansa, umaanghang pang lalo ang pagpuna sa mahusay na gamit ng panunudyo, pasaring at pang-uuyam. Ilang halimbawa ang mga sumusunod na isinatinig ni Kasoy:

> Natural ano ang gagawin ng negosyanteng namakyaw ng palay kundi bawiin ang kanyang puhunan, at magtubo pa? Maiiba pa ba ang isang kandidatong namili ng boto (Hernandez, 1997, p. 87)? [*pagpapayaman sa puwesto*]
>
> Ang gusto kong sabihin, hindi lamang ang basta elektor na paris natin ang dapat makaboto. Pati unggoy, isda, punong kahoy at iba pang dapat, porke sila'y may buhay nga at pinakikinabangan ng bayan. Anuman ang ipasiya ng gobyerno'y apektado sila, hindi ba? (Hernandez, 1997, p. 88) [*dayaan sa eleksyon*]

Taong 1961 isinulat in Hernandez ang dula, panahong muling nagbubukas na ang klimang pampulitika sa progresibong kilusang panlipunan. Sa larangan

ng pakikibakang pangkultura, importante ang paglilinaw ni Hernandez sa papel ng literatura. Kung kaya, ang dulang ito, kasama ng iba pa niyang akda ay maituturing na pagtalima sa tinukoy din niya mismo na paniniwala niya sa tungkulin ng panitikan:

> Ang panitikan ay hindi kamanyang lamang sa kagandahan o likha ng mga artista't mangangatha upang ialay sa kapakanan ng burgesya. Ang panitikan ay dapat na bumukal, lumusog at yumaman na ang kalusuga't kayamanan ay dapat maukol sa bayan. Maging salamin ng kanyang mga pagtitiis, ng kanyang mga pangarap, ng kanyang mga hangarin, ng kanyang mga pakikitunggali, ng kanyang mga karanasan, ng kanyang kabayanihan, ng kanyang kadakilaan. (Hernandez, 1997, p. 52)

Sa texto mismo ng dula ay makikita ang pananalamin/pag-uusig sa dinaranas ng bayan na mga katiwalian sa sistema ng pulitika noon sa pinakakonkretong katunayan ng mga ito na natalakay na sa unahang bahagi ng papel na ito. Ang kapakanan ng bayan, hindi ng burgesya, ang itinataguyod ng posisyong ideolohikal ng dula, na walang gatil na inihahayag sa tinig ni Juan, ang asersyong ang bayan ang dapat paglingkuran, sa halip na pagsamantalahan ng mga halal na pulitiko.

Sa pagbasa sa dulang ito ni Hernandez na isinasaalang-alang ang mga salik ng kalikhaan ng dula batay sa texto ay naihaharap sa sinundang talakay ang sama-samang bisa ng mga ito upang palutangin ang ideolohikal na posisyon ng dula. Ang sinusundang panunuri sa mga aktor, lugar ng pagtatanghal o dalawang klase ng entablado: ang entabladong inaasahang pagtatanghalan ng dula na maaaring teatro o kahit sa labas nito, sapagkat napaka-"portable" naman ang dulang ito sang-ayon sa konsepto in Hernandez, at ang entablado sa loob ng dula; maluwag na masasakyan ng manonood ang kritika ni Hernandez dahilan sa isinulat sa tradisyon ng dulambayan[6] partikular ang may kinalaman sa paksang bantad naman ang manonood at sa wika ng siste, pamumusong, panunudyo, pasaring at makulay na pananalita ng taumbayan.

Sa pagbasa sa dulang ito na isinasaalang-alang naman ang konteksto, nabanggit na, na isinali ito sa patimpalak ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature noong 1961 at nagwagi ng unang gantimpala. Realistiko ang pulso ng dula kung kaya mainam na balikan at iugnay ito sa isang sanaysay ni Hernandez bilang komentarista na pumupuna sa kalakaran ng pulitika noong mga panahong iyon. Dito makikita ang bagsik ng kritika in Hernandez, madula man o makomentaryo. Tinutukoy dito ang sanaysay niyang "Halalan, Magugol na Sirko-Bodabil ng mga Pilipino" (Yu, 1997, p. 157-164), isa sa mga sanaysay

niyang nalathala sa *Pilipino Komiks,* sa kolum niyang "Kayumanggi." Sa sanaysay na ito, katulad ng sinasabi na ng pamagat, isang klase lamang ng palabas ang eleksiyon— sa partikular, tinawag ito ni Hernandez na sirko-bodabil. Ganito niya inilarawan ang isang katatapos na halalan:

> Isang linggo lamang ay tapos na ang boksing. Nakapaghalal na ang mga elektor ng bagong Presidente ng Republika, bagong Bise Presidente, walong senador at 110 Kongresista. Tapos na ang sirko-bodabil, ang sari-saring palabas na komedya at moro-moro, magkahalong ingay at ugong ng palengke, karera at sabungan pati bang-bang ng mga bala ng mga riple't rebolber. Ang mga nanalo ay nagbibida, ang mga natalo'y tumututol at nagpaparatang. (Hernandez, 1997, p. 157)

Kung may himig ng distansya ang paglalarawang ito ni Hernandez sa halalan na sa kanyang matalas na salita ay sinasabi na ng deskripsyong "sirko-bodabil," hayag naman ang posisyon ng pagtutol sa kalakhang bahagi ng komentaryo niya na nagbabalik sa kasaysayan ng pulitika sa buhay ng tao at mga katunayan mula rito kung paano nagbago at nalabusaw ang kahulugan ng pulitika hanggang sa Pilipinas. Gumawa pa siya ng kalkulasyon sa ginastos sa halalan na sa ganang kanya, kung nasunod ang batas na bawal gumastos nang higit sa sasahurin, ay naiukol na sana sa pamumuhunan sa industriya o sa kapakanan ng paglilingkod sa nagugutom na mamamayan, at paglikha ng trabaho. Ang tinuran in Juan dela Cruz sa dula ay tila alingawngaw ng kamalayang ipinapahayag sa sumusunod na bahagi ng sanaysay na ito:

> Sa isang eleksiyon na ang nagmamando'y salapi, hindi maaangking umiral ang demokrasya. Makapal sa mga nawalan ng tiwala sa sistema ng ating "demokrasya" ang nagparatang na walang demokrasya sa Pilipinas. Salapi, bala ng baril, karahasan at lagim ang malimit na nakapangyayari, hindi ang balota, damdaming-bayan at katotohanan. (Hernandez, 1997, p. 163)

## May Talab Pa

Maliban sa pagpapalit ng ilang mga detalye para mailagay sa kasalukuyang konteksto, masasabing akmang-akma pa ang dulang ito ni Hernandez. May talab pa ang kritika niya sa sistema ng elektoral na pulitika na ang pinakapundamental na katotohanan ay hindi nagbabago. Kahit na nagkaroon ng pansamantalang pag-asang binuksan ang EDSA 1, partikular ang pagtanggi sa "trapo politics," may karaniwang persepsyong dominante pa rin ang mga "trapong pulitiko" sa sistema ngayon. Ang dayaan, panunuhol, bilihan ng boto,

paggamit ng dahas tuwing eleksyon, at ang walang pinag-iba ng mga partido pulitikal, ang siya pa ring mga katunayan sa bansa. Sinikap sa nakaraang ehersisyo (Mayo 2010) ang paggamit ng *automation* para mabawasan ang karaniwan nang palagay na nangyayaring dayaan at nauna rito, ang pagpasok ng mga kinatawan ng *party list* sang-ayon sa itinatakda ng Konstitusyon ng 1987 upang magbukas ng espasyo sa mga marjinal na sektor at palawakin ang saklaw ng demokratikong representasyon. Kung napapanatili ng mga partidong ito ang integridad nila bilang tinig ng mga marjinal ay pinagdududahan na rin, ngunit isang masinop na imbestigasyon at pananaliksik ang makatitiyak nito. Sa kabila ng mga ilang pagbabagong ito, patuloy na pinagdududahan ang pagiging patas ng resulta ng eleksyon at sa gayon, ang pagdududa rin kung ang kagustuhan nga ng bayang manghahalal ang nasusunod. Hindi nga ba't hanggang ngayon ay malalim pa ang sugat na iniwan ng pagdududa (para sa karaniwang mamamayan ay nakatitiyak na) sa tunay na resulta ng eleksyong pampanguluhan noong 2004 na sinasabi ng sikat na "Garci tape"?[7] Patuloy din ang pagpuna mula sa progresibong kritika na ang ehersisyong eleksiyon ay hindi nangangahulugang may demokrasyang umiiral sa Pilipinas ngayon. Ang tinutukoy sa kritikang ito ay ang malaganap na tinatanggap na katunayang ang kabuhayan ng bansa ay saklot ng iilang porsiyento ng mga pamilyang tradisyunal na ubod nang yaman na karamihan ay siya ring nagdodomina sa pulitika. Idagdag pa ang bagong kritika ngayon laban sa mga *family dynasty* na tahasan namang ipinagbabawal ng Konstitusyon ng 1987 subalit naiiwang walang pangil dahil walang "enabling law" na ginagawa ang mga mambabatas upang ipatupad ang nasabing probisyon.

May nakaumang na namang halalan sa 2013 para sa mga senador, at apat na taon naman mula 2012 ay ang pambansang halalan para sa pangulo. Sa konteksto ng nagpapatuloy na karanasan sa eleksiyong isiniwalat at pinuna ni Hernandez sa kanyang dulang ito, ipinapalagay sa papel na ito na nagpapatuloy ang kabuluhan ng pundamental na kritika niya sa klase ng demokrasyang umiiral sa bansa. Kahit na malalim ang talab sa isipan ng karaniwang mamamayan na kapag dumarating ang eleksyon ay nagpapantay ang mahirap at mayaman dahil pareho lang silang may isang boto, sa konteksto ng mga naganap na at nagaganap pa sa pamumuno at pamamahala sa Pilipinas, at sa usapin ng kapangyarihan na saklaw ang pinakamahalagang salik nitong pang-ekonomiya, pampulitika at pangkultura, isang malinaw na ilusyon ang paniniwalang ito sa pagkakapantay-pantay.

Isang hamon sa mga mandudula sa kasalukuyan na ipagpatuloy ang ginawang kritika ni Hernandez sa eleksyon na taglay ang talas ng panunuri at abot ang ordinaryong mamamayan sa pamamagitan ng wikang naiintindihan nila—ang pamamaraan ng pusong, ang siste at panunudyo, sa madaling salita,

sa pamamagitan ng hagkis ng halakhak. Uulitin din ang binitiwang hamon ng premyadong manunulat na si Jose Dalisay, Jr. sa kasalukuyang manunulat kaugnay ng paghahanap ng midyum at moda ng paglikha na sa ganang kanya ay dapat na tinutuklas ng manunulat paris ng makikita sa itinuturing niyang bagong popular na literatura:

> Like other examples of folk humor, these short, spontaneous, and often imaginative comic outbursts are, I submit, a new form of popular literature that empowers individual citizens and allows them to engage political authority in a manner that may not be directly confrontational and certainly not violent, but whose cumulative impact can wear reputations down as water does stone. (Dalisay, 2006, p. 5)

Bilang pagtatapos, hindi man masabing ito na ang karapat-dapat na panunuri sa dula ni Hernandez, masasabi ngayon sa kritiko-manunulat na si Epifanio San Juan, Jr. na narito ang isang pagtatangkang punan ang nakita niyang puwang sa mga panunuri sa mga obra ng makabayan at rebolusyunaryong manunulat na si Amado V. Hernandez. At ang nagbukas ng pagkakataon ay ang isinasagawang mga panayam na nagpupugay sa iginagalang na iskolar, makabayang mandudula, kritiko't gurong si Dr. Nicanor G. Tiongson sa okasyon ng kanyang pagreretiro sa serbisyo sa unibersidad.

## Mga Tala

[1]Isa ito sa apat na premyadong dulang isinulat ni Hernandez. Ang iba pa ay *Ang Mga Kagalang-galang*, 1960, pangalawang gantimpala, itinanghal noong 1970 ng U.P. Speech Association sa direksyon in Behn Cervantes sa Unibersidad ng Pilipinas; *Hagdan sa Bahaghari*, 1959, pangalawang gantimpala; at *Muntinlupa*, 1958. Kinikilates sa papel na ito ang texto ng *Magkabilang Mukha ng Isang Bagol* at hindi sakop ang pagsusuri ng pagtatanghal nito na sang-ayon kay Prop. Glecy Atienza ay naitanghal.

[2]Ang lukton ay tumutukoy sa "locust still wingless"o balang (Panganiban, 1970, p. 176).

[3]Ang salitang bagol ay lilimahing sentimong metal.

[4] Mababasa sa maraming panunuri sa mga obra in Hernandez ang mga pagtukoy sa puntong ito. Basahin halimbawa ang mga tinipong sanaysay na pinamatnugutan nina Alice Guillermo at Charlie Veric na *Sipat at suri: Araling Ka Amado* (2004). Maaaring basahin din ang mga panunuri ni Rosario Torres-Yu sa mga sinulat ni Hernandez sa koleksyon ng sariling mga panunuri sa *Alinagnag: Panunuring Panlipunan sa Panitikan* (2011).

[5] Tinatalakay ang papel ng *vanguard party* sa diskursong Marxista na kumikilala sa kahalagahan ng pagsusulong ng pinakaabanteng posisyong ideolohikal sa panlipunang kilusan para sa pagbabago sa pamamagitan ng isang rebolusyunaryong partido na pagmumulan ng pulitikal na kamalayan ng uring manggagawa na hindi nila makukuha sa loob lamang ng kilusang manggagawa. Inilatag ito ni Vladimir I. Lenin sa pamphlet na *What is to be Done?* na inilathala niya noong 1902. Ayon kay Irving Howe, "'What is to be Done?' must, in retrospect, be judged the most influential political document in our century." Nasa *Essential Works of Socialism* (Howe, 1970, pp. 286-299).

[6]Nililinaw sa aklat in Apolonio B. Chua ang ilang pagkakaiba sa dulambayan bilang bahagi ng dulaang tradisyon sa Pilipinas. Ipinaliliwanag niya na sa dulambayan ay nagiging "pamamaraan at proseso ang sining tungo sa pagtatamo ng kapangyarihan ng tao, bayan, at uri…. Sa dulambayan, bahagi ang dulaan ng pagkilos at ng pakikibaka." Basahin pa sa *Simulain, Dulambayan ng Manggagawa sa Konteksto ng Militanteng Kilusang Unyunismo (1980-1994)*, (Chua, 2009, p. 255).

[7] Ayon sa mga pangyayari at mga ulat bunga ng paglalantad sa tinawag na "Hello Garci Tape" o ang *wiretapped conversation* na paksa ng paghingi ng dating Presidente ng Pilipinas na si Gloria Macapagal Arroyo ( GMA) ng *apology* sa pambansang telebisyon tungkol sa pagtawag niya sa isang opisyal ng Comelec na si Virgilio Garcellano noong kasagsagan ng bilangan ng mga boto para tiyakin ang kanyang panalo, ang simula ng popular na palagay na may naganap na dayaan sa eleksyong ito at ito na rin ang naging simula ng pagdudududa sa pagiging lehitimo ng administrasyong Arroyo, pagdududang nagpaalab sa damdamin ng mamamayan na ipinahayag ng madalas na rally at protesta. At sa obserbasyon ng manunulat at kolumnistang si Jose Dalisay, Jr., ang *digitalized copies* at *transcribed* na PDF files nitong sinasabing pag-uusap na ito ang naging paksa ng napakaraming *spoof* na ang isang website na makukuhanan ng libreng "Hello Garci Ringtones" ay nag-crash sa dami ng demand dito at ang GMA jokes, paris ng mga Erap jokes, ay kumalat sa mga *cellular network*, na isang halimbawa ang "Clinton's downfall was a cigar, GMA's is a Garci." Basahin pa sa Dalisay (2006).

## Sanggunian


Agoncillo, T. (1969). Paunang salita. *Sa bayang malaya: Tulang kasaysayan, Amado V. Hernandez*. Maynila: Ateneo de Manila University Press.

Chua, A. B. (2009). *Simulain, dulambayan ng manggagawa sa konteksto ng militanteng kilusang unyunismo (1980-1994).* Quezon City: University of the Philippines Press.

Dalisay, J., Jr. (2006). *Literature and contemporary politics*. Retrieved January 5, 2012 from the New Kyoto Review of South East Asia Web site: *http://kyotoreviewsea.org/index*

Guillermo, A., & Veric, C. (2004). *Sipat at suri: Araling Ka Amado.* Manila: Amado V. Hernandez Resource Center & National Commission for Culture and the Arts.

Happy nations complete list. Retrieved August 13, 2012 from http://www.nowpublic.com/world/happiest-countries-word-2012 happy nations-complete list-2946693.html

Hernandez, A. V. (1997). Magkabilang mukha ng isang bagol. Nasa R. Yu (Ed.), *Magkabilang mukha ng isang bagol at iba pang akda ni Amado V. Hernandez.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Howe, I. (1970). *Essential works of socialism.* New York: Bantam Books.

Lenin, V.I. (1902). *What is to be done? Lenin's collected works: Vol. 5,* (pp. 347- 530). Moscow: Foreign Languages Publishing House. Retrieved November 11, 2012 from *http://www.marxists.org/archive/lenin/works/1901withbd/index.htm*

Lumbera, B., & Lumbera, C. (1997). *Philippine literature: A history and anthology.* Pasig City: Anvil Publishing.

Panganiban, J.V. (1970). *Diksyunaryong Pilipino-Ingles.* (Ikalawang Paglilimbag). Manila: Bede's Publishing House.

San Juan, E., Jr. (2004). Amado V. Hernandez: Pagkilala at pagpapahalaga. Nasa A. Guillermo, & C. S. Veric (Eds.), *Suri at sipat, araling Ka Amado* (pp. 128-143). Manila: Amado V. Hernandez Resource Center & National Commission for Culture and the Arts.

Tiongson, N. G. (2001). Ang pusong sa dulang Tagalog: Panimulang pag-aaral. In *Centennial lecture series: Memories, visions and scholarship and other essays*, (pp. 305-338). Quezon City: U.P. Center for Integrative and Development Studies.

Torres-Yu, R. (2011). *Alinagnag: Panunuring panlipunan sa panitikan*. Manila: Santo Tomas Publishing House.

Torres-Yu, R. (Ed.). (1997). *Magkabilang mukha ng isang bagol at iba pang akda ni Amado V. Hernandez.* Quezon City: University of the Phillippines Press.

**Rosario Torres-Yu** <rosetorresyu@yahoo.com> Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman si Rosario Torres-Yu. Siya ay premyadong manunulat at awtor ng mga libro at artikulo sa mga internasyunal at lokal na akademikong journal tungkol sa kritisismo, malikhaing pagsulat, at pananaliksik. Pinakahuling libro niyang nalathala ang *Alinagnag: Panunuring panlipunan sa panitikan* (Santo Tomas Publishing House, 2011) at *Balagen: Edukasyong pangkapayapaan at panitikang pambata* (University of the Philippines Press, 2011). Kasalukuyan siyang direktor ng U.P. Diliman Sentro ng Wikang Filipino.